## Ano ang pagkakaiba ng tuberkulosis (TB) at "latent tuberculosis infection "(LTBI) ?

Ang Latent Tuberculosis Infection (LTBI) ay impeksyon na dulot ng bakterya mula sa Aktibong Tuberkulosis. Kapag ang isang taong may aktibong TB ay umubo o bumahing, ang bakterya nito ay mapupunta sa hangin, Kapag ito ay nalanghap mo, susubukang labanan ng ïmmune system"ng iyong katawan ang bakterya.

### Kung malakas ang iyong " ïmmune system " o resistensya , maaari itong manalo laban sa bakterya...

...Pahihinain nito ang bakterya at patutulugin niya ito sa iyong katawan--- ito ang tinatawag na Latent TB Infection (LTBI). Kapag ikaw ay may LTBI, wala kang symptomas na nararamdaman. Maigi ang iyong pakiramdam at hindi ka makakapanghawa sa iba.

### Ngunit, kapag nanalo ang bakterya laban sa iyong "immune system" ...

...Ikaw ay magkakasakit--- ito ang tinatawag na "aktibong TB.

Kung ikaw ay may aktibong TB , maaari itong lumala at maari kang makapanghawa sa iyong pamilya at mga kaibigan.

## Ngunit, sa aming bansa, hindi ko masyadong naririnig ang LTBI o maging ang gamot dito...

Ang bawat bansa ay may kani-kaniyang patakaran kung paano matutugunan ang LTBI--- nakabatay ito depende sa prayoridad ng kada- bansa. Kung maraming may aktibong TB sa inyong bansa, mas prayoridad na mahanap at magamot ang may aktibong TB upang hindi na ito makapanghawa.




Ito ang maaaring dahilan kung bakit hindi masyadong napag-uusapan sa inyong bansa ang LTBI at maging ang gamutan nito.



Dito sa Japan, dahil pakonti ng pakonti ang nagkakaroon ng aktibong TB ay kasabay rin naming pinagtutuunan na mahanap at magamot ang may LTBI.

## Tungkol sa RIT/JATA

Kami ang natatanging Non-Governmental Organization na nakatuon sa paglaban sa TB dito sa Japan.


**Research Institute of Tuberculosis,**
Japan Anti-Tubercuolosis Association.
Tokyo, JAPAN. Tel: +81 42 493 5711
URL: http://www.jata.or.jp


# ANO ANG LATENT TB INFECTION?


RESEARCH INSTITUTE OF TUBERCULOSIS
JAPAN ANTI-TB ASSOCIATION





This pamphlet was created with the support of JSPS Grants-in-Aids for Scientific Research (C), grant number: JP20K10491.

## Kung maigi naman ang aking nararamdaman, bakit kailangan kong mag-alala ukol sa LTBI?

Dahil maaaring magising ang bakterya at ikaw ay magkakasakit (yun ang aktibong TB)

May iba't- ibang uri ng tao na mas madaling magkaroon ng aktibong TB, ito ay ang mga sumusunod:

- ☑ ...Yung nakatira o nakasama ng taong may nakakahawang aktibong TB (close contact)
- ☑ ...Galing sa ibang bansa kung saan mataas ang antas ng bilang ng may aktibong TB
- ☑ ...May mga karamdaman na nakapagpapahina ng resistensya ng isang tao tulad ng HIV/AIDS, kanser, diabetes mellitus at iba pa
- ☑ ...O kaya naman may mga gawain na maaaring makapagpahina ng resistensya tulad ng paninigarilyo, pagdodroga, labis na pag-inom ng alak, hindi sapat na nutrisyon, kakulangan sa pag-eehersisyo

Kapag nanghina ang iyong resistensya, maaaring magising ang TB bakterya at ikaw ay magkakasakit. Ngunit hindi natin matutukoy kung kailan o kung sino mismo ang magkakaroon ng aktibong TB.

## Kailangan ko bang uminom ng gamot ?

Kung sa tingin ng iyong doktor na ikaw ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng aktibong TB, maaari ka niyang payuhan na maggamot upang maalis o mapatay ang bakterya.

May iba't-ibang uri ng gamutan.

Sa Japan, mas madalas gamitin ang kumbinasyon ng dalawang gamot (Rifampicin at Isoniazid ) sa loob ng 3 o 4 na buwan. Maaari kang kumunsulta sa doktor upang malaman ang tamang gamutan para sa iyo.

Ang gamutan sa LTBI ay mas maikli, mas kokonting uri ng gamot ang dapat inumin at mas mura kumpara sa gamutan ng may aktibong TB.

Mabilis lang gamutin ang LTBI. Ang gamutan ay tumatagal lamang ng 3 o hanggang 4 na buwan. Ito ay mas maikli, mas kokonting uri ng gamot ang kinakailangan inumin at mas mura kaysa sa gamutan ng aktibong TB.



## Kailangan ko bang huminto sa pagtatrabaho?
## Kailangan ko bang huminto sa pag-aaral?

HINDI. Ang pagkakaroon ng LTBI ay hindi nangangahulugan na ikaw ay may sakit na TB. Hindi mo kailangan huminto sa pagtatrabaho o pag-aaral. Maari mo ring ituloy ang mga pangkaraniwang gawain gaya ng isang normal na tao.
Ikaw ay pinapayuhan na bumisita sa iyong doktor paminsan-minsan upang makasiguro na hindi ka nakakaranas ang anumang "side effects"

## Ngunit paano kung ako ay sinabihan na ako ay hindi na maaaring magtrabaho o mag-aral?

Kung sa tingin mo ikaw ay nakakaranas ng isang hindi makatarungang pagtrato dahil ikaw ay may LTBI, may iba't-ibang organisasyon kung saan ka maaaring humingi ng payo, sa wika na iyong nakagisnan.

Japan Anti-Tuberculosis Association
Tumawag sa telepono para sa konsultasyon : 03-3292-1218
Ang Konsultasyon ay tuwing Martes mula: 10:00-12:00 at 13:00-15:00

Kung ikaw ay may LTBI o kasalukuyang umiinom ng gamot para dito , maaari po pa ring ituloy ang iyong normal na gawain sa pang araw-araw.